Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-26 NG AGOSTO, 2016 SA SANGGUNIANG BARANGAY SESYON HALL, BARANGAY CAMPAASAN, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | - Pansamantalang Tagapamahala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | - -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - IPs Representative |
| Kgg. Enrico C. Villas | - Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Ramon G. Magbanua - Pangalawang Punong Bayan - **O.B.**

x-----------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 16-08-164

**KAUTUSANG NAGTATAKDA SA ESPASYO SA TAPAT NG PAMILIHANG BAYAN SA BARANGAY CAMPAASAN, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA MAGING PARADAHAN NG TUKOY NA MGA SASAKYAN**

**MAY-AKDA: SB MEMBER DEXTER R. GONZALES**
**SB MEMBER ENRICO C. VILLAS**

**Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay nagtatakda at nag-aatas ng mga sumusunod:**

**SEKSIYON 1.** Ang sementadong espasyo na napaliligiran ng kalsada sa tapat ng Pamilihang Bayan sa Barangay Campaasan, Bulalacao, Oriental Mindoro ay itinatakda na maging paradahan o parking area para sa mga sasakyan na tinutukoy dito;

**SEK. 2.** Ang nasabing paradahan ay tatawaging Bulalacao Public Market Parking Area (BPMPA);

**SEK. 3.** Ang papayagan lamang na makapagparada sa BPMPA ay jeep, owner-type jeep, kotse, SUV, AUV, motorsiklo, tricycle, pedicab, bisekleta, at iba pang maliit na sasakyan;

**SEK. 4.** Ang may-ari ng mga kainan sa paligid ng parking area ay inaatasan na maglaan ng upuan at kanlungan para sa kapakinabangan ng mga mananakay lalo na yaong kakain sa kanilang establisyimento;

Scanned with CamScanner

**SEK. 5.** Sisingilan ng kaukulang parking fee ang lahat na sasakyang paparada dito kapalit ang official receipt o cash ticket;

**SEK. 6.** Ang maniningil at mag-iisyu ng official receipt o cash ticket ay Municipal Treasury Office o sinumang binigyan ng karapatan sa pamamagitan ng prankisa;

**SEK. 7.** Ang pag-iiba ng gamit ng BPMPA ay nangangailangan ng Ordinansa ng Sangguniang Bayan;

**SEK. 8.** Ang sinumang tao o alinmang grupo, samahan o korporasyon na lalabag sa takdang gamit ng naturang espasyo na malinaw na isinasaad sa Kautusang ito ay magmumulta ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | PhP1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,000.00 |
| Ikatatlong Paglabag | - | 2,500.00 |

**SEK. 9.** Ang Pambayang Pulisya katuwang ang itinalagang Market Administrator at mga barangay tanod ang magpapatupad ng mga kautusan at alituntunin na may kaugnayan sa maayos at tamang pagpaparada ng mga sasakyan;

**SEK. 10.** Ang lahat na ordinansa ng mga Sangguniang Barangay at ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao na salungat sa kautusang ito ay pinawawalang bisa;

**SEK. 11.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos maipaskil ang napagtibay na sipi sa mga hayag na lugar sa bawat bulwagang pambarangay at sa bulwagang pambayan;

**ISINABATAS** ngayong ika-26 ng Agosto, 2016 sa Bulalacao, Oriental Mindoro

---

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**EDWIN C. ACERON**
SB Member

**TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**EDEZER F. ACERON**
Pansamantalang Tagapamahala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 09-27-2016

Scanned with CamScanner